Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

18 Oktubre 2020 Ika-29 na Linggo sa Karaniwang Panahon Taon A

LINGGO NG MISYONG PANDAIGDIG

Ang Pagiging Ulirang Mamamayan at Mabubuting Kristiyano

Tayo ay nagdiriwang ng Ikadalawampu't Siyam na Linggo sa Karaniwang Panahon. May dalawang yugto ang ating buhay. Ang una ay ang ating buhay dito sa lupang ibabaw. Ang ikalawa ay ang buhay sa kabila. Sa unang yugto ay kailangang pag-ukulan natin ng pansin ang mga bagay na lumilipas ayon sa paraang itinakda ng Diyos. Ang ikalawang yugto ay nakatuon nang buong-buo sa mga bagay na panghabambuhay at walang katapusan. May mga pangangailangan ang ating buhay sa lupang hindi maaaring kaligtaan. Isa rito ay ang isang maayos na lipunan. Ang lipunan ay nagiging maayos dahil sa pamahalaan nito. Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay bigay ng Diyos. Kaya dapat sundin ang mga makatarungang patakaran ng pamahalaan. Ang isang makatarungang pamahalaan ay naghahanda ng sinasabi sa Aklat ng Pahayag na "isang bagong langit at isang bagong lupa" (Pahayag 21:1). Sa pakikipagtulungan ng mga mamamayan sa kanilang makatarungang pamahalaan, sila ay nagiging mga ulirang mamamayan at mabubuting Kristiyano. Tulungan sana tayo ng ating pagdiriwang na tumulong sa paghubog ng isang bagong langit at isang bagong lupa.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang daing ko, Poong mahal, lagi mong pinakikinggan, hiling ko'y pinagbibigyan. Kami'y lagi mong titigan nang magkamit-kaligtasan.

Pagbati

P – Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagtakda ng mga makatarungang pamahalaan sa daigdig, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
B – **At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P – Tayo ay binigyan ng Diyos ng kakayahang makipagtulungan sa Kanya sa pagbuo ng maayos na lipunan sa lupang ibabaw. Para sa ating kawalan ng sigasig na tupdin ang ating mga tungkulin sa lipunan, humingi tayo ng kapatawaran. *(Manahimik saglit.)*

P – Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong mga pamamaraan sa aming lipunan at sa aming daigdig, Panginoon, kaawaan mo kami!
B – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Para sa aming kawalan ng pag-asa sa tulong na iyong ibinibigay sa aming mga pagsisikap na maging mga ulirang mamamayan at mabubuting Kristiyano, Kristo, kaawaan mo kami!
B – **Kristo, kaawaan mo kami!**

P – Para sa aming matamlay na pag-ibig na hindi kayang gawin kaming mga masigasig na alagad sa paghubog ng isang bagong langit at isang bagong lupa, Panginoon, kaawaan mo kami!
B – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B – **Amen!**

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, gawin mong lagi naming matapat na sundin ang loob mo upang kami'y wagas na makapaglingkod sa iyo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B**–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa *Isa 45:1.4-6*

Ipinahahayag ni Propeta Isaias kung paano inantig ng Diyos ang kalooban ng Hari ng Persia, si Ciro, upang pabalikin ang mga Israelitang ipinatapon sa Babilonia sa bayan ng Israel. Iniutos niyang isaayos ang Jerusalem upang dito magmula ang kaligtasan para sa buong daigdig.

L **–**Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Hinirang ng Panginoon si Ciro para maging hari upang lupigin ang mga bansa at alisan ng kapangyarihan ang mga hari. Ibubukas ng Panginoon ang mga pintong-bayan para sa kanya. Sinabi ng Panginoon kay Ciro: "Tinawag nga kita upang tulungan si Israel na lingkod, ang bayan kong hinirang. Binigyan kita ng malaking karangalan bagama't di mo ako kilala. Ako ang Panginoon, ako lamang ang Diyos at wala nang iba. Palalakasin kita, bagama't ako'y di mo pa kilala. Ginawa ko ito, upang ako ay makilala ng buong daigdig, na makikilala nila na ako ang Panginoon, ako lamang ang Diyos at wala nang iba."

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan *Awit 95*

B –Dakilang kapangyarihan ng Panginoo'y idangal!

R. M. Velez



*** Purihin ang Panginoon, awitan ng bagong awit; Panginoo'y papurihan nitong lahat sa daigdig! Kahit saa'y ipahayag na Panginoo'y dakila, sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa.** ***B.***

*** Ang Poon ay tunay na dakila, marapat na papurihan; higit sa sinumang diyos, siya'y dapat katakutan. Ang diyos ng sanlibuta'y pawang mga diyus-diyusan; ang Poon lang ang may likha ng buong sangkalangitan.** ***B.***

*** Ang Panginoo'y purihin ng lahat sa daigdigan! Purihin ang lakas niya at ang kanyang kabanalan! Ang pagpuri ay iukol sa pangalan niyang banal, dumulog sa kanyang templo't maghandog ng mga alay.** **B.**

*** Kung ang Poon ay dumating, sa likas n'yang kabanalan, humarap na nanginginig ang lahat sa daigdigan. "Ang Poon ay siyang hari," sa daigdig ay sabihin, sa paghatol sa nilikha, lahat pantay sa paningin.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa *1 Tes 1:1-5*

Ang unang liham na isinulat ni San Pablo ay nagpapahayag na ang kanyang pangangaral ay hindi lamang salita ng tao kundi salitang kinasihan ng Espiritung Banal. Dahil dito, ang kanyang pagtuturo ay totoong mabisa at kapani-paniwala.

L **–**Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mula kina Pablo, Silas at Timoteo: Sa simbahan sa Tesalonica – mga hinirang ng Diyos Ama at ng Panginoong Hesukristo: Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaan.

Lagi kaming nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo at tuwina'y isinasama namin kayo sa aming dalangin. Ginugunita namin sa harapan ng ating Diyos at Ama ang inyong mga gawang bunga ng pananampalataya, ang inyong mga pagpapagal na udyok ng pag-ibig, at ang matibay ninyong pag-asa sa Panginoong Hesukristo.

Nalalaman namin, mga kapatid, na kayo'y hinirang ng Diyos na nagmamahal sa inyo. Ang Mabuting Balita na lubos naming pinaniniwalaan ay ipinahayag namin sa inyo hindi sa salita lamang. Ito'y may kapangyarihan at patotoo ng Espiritu Santo.

Ang Salita ng Diyos!
B **– Salamat sa Diyos!**

Aleluya *Fil 2:15.16*

B **–Aleluya! Aleluya!**
Sa daigdig ay laganap,
liwanag na sumisikat,
Salitang buhay ng lahat.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 22:15-21*

Ang hangad ng mga Pariseong siluin si Hesus ay nauwi sa kanilang pagkamangha sa kanyang dakilang katalinuhan. Ang pamahalaan ay hindi kalaban ng Diyos. Ang Poong Maykapal ang pinagmumulan ng lahat ng kapangyarihan sa langit man o sa lupa. Ang pagtalima sa mga makatarungang patakaran ng pamahalaan ay nakatutulong sa maayos na buhay ng lahat.

P **–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B **– Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, umalis ang mga Pariseo at pinag-usapan kung paano nila masisilo si Hesus sa kanyang pananalita. Kaya pinapunta nila sa kanya ang ilan sa kanilang mga alagad, kasama ang ilang tauhan ni Herodes. Sinabi nila, "Guro, nalalaman naming kayo'y tapat, at itinuturo ninyo nang buong katotohanan ang ibig ng Diyos na gawin ng mga tao. Wala kayong pinangingimian sapagkat pareho ang pagtingin ninyo sa tao. Ano po ang palagay ninyo? Naaayon ba sa kautusan na bumuwis sa Cesar, o hindi?"

Ngunit batid ni Hesus ang kanilang masamang layon kaya't sinabi niya, "Kayong mapagpaimbabaw! Bakit ibig ninyo akong siluin? Akin na ang salaping pambuwis." At siya'y binigyan nila ng isang denaryo. "Kaninong larawan at pangalan ang nakaukit dito?" tanong ni Hesus.

"Sa Cesar po," tugon nila. At sinabi niya sa kanila, "Kung gayon, ibigay ninyo sa Cesar ang sa Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
B **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B **–**Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay

Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulu klok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P*–**Hingin natin sa Diyos na tayo'y tulungang maging mga ulirang mamamayan at mababuting Kristiyano. Sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

***B* –Amang mapangalaga, dinggin Mo ang Iyong bayan!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang pangunahan nila ang kanilang kawan sa pakikipagtulungan sa mga may kapangyarihan sa ating daigdig na humubog ng isang bagong langit at isang bagong lupa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic,* upang makipagtulungan sila sa mga namumuno sa Simbahan para sa ikagaganda ng ating lipunan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19 Pandemic,* at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang sa tulong ng Espiritung Banal ay gantimpalaan ang kanilang pagsisikap ng isang maayos na pamayanan, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat na mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating matutunan ang kahalagahan ng pagtutulungan sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Bayan ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat na nananalangin sa Linggong ito, upang hindi tayo matuksong mag-isip na magkasalungat ang mga bagay ng daigdig na ito at ang mga katotohanang makalangit; makipagtulungan nawa tayo sa pagbibigay ng higit na magandang buhay sa lahat, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

***P*–**Ama naming nangangalaga sa amin sa daigdig na ito, ibuhos Mo sa amin ang handog ng Iyong Espiritung Banal upang mapasaamin ang karunungang maunawaan ang ugnayan ng mga bagay ng daigdig na ito at ng mga makalangit na katotohanan para sa ikalalaganap ng Iyong Paghahari na itinatag ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –**Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong ikaw ay aming kusang mapaglingkuran sa paghahain namin ng mga alay na iyong bigay upang kami'y dalisayin ng iyong pagmamahal sa paglilingkod namin ngayong ginaganap ang banal na pagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

Prepasyo IV

P – Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**

P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangunang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**

***P*–** Hinihiling namin . . .

***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos . . .**

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang sa D'yos nagtitiwala ay kanyang kinakalinga sa pag-ibig n'yang dakila nang h'wag magutom na lubha at upang hindi manghina.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, gawin mong sa aming banal na pakikinabang kami ngayon ay iyong matulungan at mahubog para mamuhay sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
B –**At sumaiyo rin!**

P –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik sandali.)*

–Tulungan nawa kayo ng Diyos sa inyong pagiging debotong Katoliko at tapat na mamamayan.
B –**Amen!**

P –Iligtas Niya nawa kayo sa lahat ng panganib at itaguyod ang lahat ninyong tapat na pagsisikap.
B –**Amen!**

P –Pag-ibayuhin Niya nawa ang inyong pagmamahal sa Eukaristiya at tibayan nawa kayo ng Kanyang biyaya para sa inyong katapatan sa Sakramentong ito sa inyong buhay.
B –**Amen!**

P –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B –**Amen!**

P –Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan nawa kayo ng pag-ibig ng Diyos para sa lahat.
B –**Salamat sa Diyos!**

Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang ***Unitatis redintegration*** *(Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa)* na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang una ay ang kakaibang lagay ng mga Simbahan sa Silangan at ito ay may limang bilang. Ang ikalabing-walong bilang ay binibigyan ng halaga ang mga Simbahan sa Silangan. Kakaiba ang kanilang pinagmulan dahil sa marami sa mga ito ay itinatag ng mga Apostol. Marami sa paniniwala, pamumuhay, at sa pagsamba ng mga Simbahan sa Silangan ay siya ring pinahahalagahan ng Simbahan sa Kanluran.

IKATLONG KABANATA:
ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA

Unang Bahagi: ANG KAKAIBANG LAGAY NG MGA SIMBAHAN SA SILANGAN

"Pagkatapos masusing pag-aralan ang lahat ng ito, itong banal na Konsilyo ay pinagtitibay ang naipahayag na ng mga naunang Konsilyo ang ng dating Santo Papa: upang mapanumbalik ang pagkakabuklod at pagkakaisa o mapanatili ang mga ito, nararapat na huwag nang 'atangan ng iba pang pasanin maliban sa mga bagay na talagang kailangan' *(Gawa 15:28)*. Ito ang agarang hangad ng Konsilyong ang bawat pagpupunyagi ay dapat tungo sa dahan-dahang pagtatamo ng pagkakaisang ito sa iba't ibang mga samahan at gawain ng Simbahan, lalo na sa panalangin at kapatirang pag-uusap hinggil sa mga bagay ng pananampalataya at sa mga suliraning pangangalaga sa kawan sa ating panahon. Ganoon din naman, ang mga pastol at ang mga taong-bayan ng Simbahang Katoliko ay dapat maging malapit sa mga Kristiyanong wala na sa Silangan at namumuhay nang malayo sa kanilang lupang sinilangan, upang ang pakikipagkaibigan sa kanila ay lumago sa espiritu ng pag-ibig, na walang iringan o paligsahan. Kung ito ay magagawa ng buong puso, umaasa ang Konsilyong sa pagpapabagsak ng pader na naghihiwalay sa Simbahan ng Silangan at sa Simbahan ng Kanluran, upang sa wakas ay magkaroon na ng iisang tahanang matibay na nakapatong sa panulukang bato, si Kristo Hesus, na siyang pag-iisahin silang dalawa."

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • ***Telefax:*** 8894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** J. Feliciano • ***Circulation:*** R. Saldua